3. Paano makakakuha ng pangangalaga

Sensitibong pangangalaga

Mga serbisyo na kailangan ang pahintulot para sa wala pa sa hustong gulang

Makukuha mo lamang ang mga sumusunod na serbisyo nang walang pahintulot ng iyong magulang o tagapangalaga kung ikaw ay 12 taong gulang o mas matanda:

- Pangangalaga sa kalusugan ng pag-iisip para sa mga outpatient para sa (mga menor de edad na 12 taong gulang o mas matanda):
  - Seksuwal na pag-atake (walang mas mababang limitasyon sa gulang)
  - Incest o pakikipagtalik ng magkamag-anak
  - Pisikal na pag-atake
  - Pang-aabuso sa bata
  - Kapag naiisip mong saktan ang iyong sarili o ibang tao (mga menor de edad na 12 taon o mas matanda)
- Pag-iwas/pagsusuri/paggamot sa HIV/AIDS
- Pag-iwas/pagsusuri/paggamot sa mga impeksiyon na nailipat sa pamamagitan ng pakikipagtalik
- Mga serbisyo sa paggamot sa sakit sa pagkalulong sa alak o droga (mga menor de edad na 12 taon o mas matanda). Para sa karagdagang impormasyon, basahin ang “Mga serbisyo sa paggamot ng sakit sa pagkalulong sa alak o droga” sa handbook na ito.

Kung ikaw ay wala pang 18 taong gulang, maaari kang pumunta sa isang doktor nang walang pahintulot mula sa iyong mga magulang o tagapangalaga para sa mga ganitong uri ng pangangalaga:

- Pagbubuntis
- Pagpaplano ng pamilya/pagkontrol sa pagbubuntis
- Mga serbisyo sa pagpapalaglag

Para sa pagsusuri sa pagbubuntis, mga serbisyo sa pagpaplano ng pamilya, pagkontrol sa pagbubuntis, o mga serbisyo sa mga impeksiyon na nailipat sa pamamagitan ng pakikipagtalik, hindi kailangang bahagi ng network ng Anthem ang doktor o klinika. Maaari kang pumili ng anumang provider ng Medi-Cal at magpunta sa kanila para sa

mga serbisyong ito nang walang referral o paunang pag-apruba (paunang awtorisasyon). Maaaring hindi saklaw ang mga serbisyo mula sa provider na wala sa network na hindi nauugnay sa sensitibong pangangalaga. Para sa tulong sa paghahanap ng doktor o klinika ka nagbibigay ng mga serbisyong ito, o para sa tulong sa pagpunta sa mga serbisyong ito (kasama ang transportasyon), maaari kang tumawag sa aming Customer Care Center mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. nang walang bayad sa **800-407-4627 (TTY 711)** o sa **888-285-7801 (TTY 711)** para sa mga miyembro sa Los Angeles.

Maaaring makipag-usap ang mga menor de edad sa isang kinatawan nang pribado tungkol sa kanilang mga alalahanin sa kalusugan sa pamamagitan ng pagtawag sa 24/7 na Linya ng Nurse nang walang bayad, 24 na oras sa isang araw, pitong araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday, sa **800-224-0336 (TTY 711)**.

4. Mga benepisyo at serbisyo

Ano ang saklaw ng iyong planong pangkalusugan

Ipinapaliwanag ng kabanatang ito ang iyong mga saklaw na serbisyo bilang miyembro ng Anthem. Libre ang iyong mga saklaw na serbisyo hangga't medikal na kinakailangan ang mga ito at ibinibigay ng provider sa network. Dapat kang humiling sa amin ng paunang pag-apruba (paunang awtorisasyon) kung ang pangangalaga ay wala sa network maliban sa mga serbisyong sensitibo, pang-emergency, at sa agarang pangangalaga. Maaaring saklaw ng iyong planong pangkalusugan ang mga serbisyong medikal na kinakailangan mula sa provider na wala sa network. Ngunit kailangan mong tanungin ang Anthem para sa paunang pag-apruba (paunang awtorisasyon) para dito. Ang mga serbisyong medikal na kinakailangan ay makatuwiran at kinakailangan upang protektahan ang iyong buhay, panatilihing hindi ka magkakaroon ng malubhang sakit o kapansanan, o bawasan ang matinding sakit mula sa isang natukoy na sakit, karamdaman, o pinsala. Para sa mga Miyembro na wala pang 21 taong gulang, ang mga serbisyo ng Medi-Cal ay kinabibilangan ng pangangalagang medikal na kinakailangan upang ayusin o pagaanin ang pisikal o mental na sakit o kondisyon. Para sa higit pang detalye tungkol sa iyong mga saklaw na serbisyo, tumawag sa aming Customer Care Center mula Lunes hanggang Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m. nang walang bayas sa **800-407-4627 (TTY 711)**, o sa **888-285-7801 (TTY 711)** para sa mga miyembro sa Los Angeles.

Makakukuha ng karagdagang benepisyo at serbisyo ang mga miyembro na wala pang 21 taong gulang. Basahin ang Kabanata 5: Pangangalaga sa kabataan para sa karagdagang impormasyon.

Nakalista sa ibaba ang ilang pangunahing benepisyo sa kalusugan na inaalok ng Anthem. Ang mga benepisyong may asterisko (*) ay maaaring mangailangan ng paunang pag-apruba.

- Acupuncture*
- Mga malulubhang (panandaliang panggagamot) therapy at serbisyo para sa pangangalaga sa tahanan
- Mga pagpapabakuna para sa mga nasa hustong gulang (mga shot)
- Pagsusuri sa allergy at mga injection
- Mga serbisyo ng ambulansya para sa isang emergency
- Mga serbisyo ng anesthesiologist
- Pag-iwas sa asthma o hika
- Audiology*
- Mga paggamot sa kalusugan ng pag-uugali*
- Rehabilitasyon para sa puso
- Mga serbisyo ng chiropractor*
- Chemotherapy at radiation therapy
- Pagtatasa ng kalusugan ng pag-iisip
- Mga serbisyo para sa manggagawang pangkalusugan ng komunidada
- Mga serbisyo para sa nasa hustong gulang na nakabase sa komunidad*
- Mga supporta sa komunidad*
- Mga serbisyong dialysis/hemodialysis
- Matibay na kagamitang medikal (DME)*
- Mga pagpunta sa emergency room
- Pinahusay na pamamahala ng pangangalaga*
- Enteral at parenteral na nutrisyon*
- Pagbisita at pagkonsulta sa mga opisina para sa pagpaplano ng pamilya (maaari kang pumunta sa isang hindi kalahok na provider)
- Mga serbisyo at aparato sa pamumuhay*
- Mga hearing aid
- Pangangalagang pangkalusugan sa tahanan*
- Pangangalaga ng hospisyo*
- Pangangalagang medikal at sa operasyon para sa inpatient*
- Laboratoryo at radiology*
- Pangmatagalang pangangalaga*
- Mga therapy at serbisyong pangkalusugan ng pangmatagalan sa tahanan*
- Pangangalaga sa nagsilang na ina at bagong silang na sanggol
- Major organ transplant*
- Occupational therapy*
- Orthotics/prostheses*
- Mga supply sa ostomy at urological
- Mga serbisyo ng ospital sa outpatient*
- Mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip para sa outpatient
- Pag-oopera ng outpatient*
- Pangangalagang pampaginhawa*
- Mga pagpapatingin sa PCP
- Mga serbisyo sa sakit ng mga bata
- Pisikal na therapy*
- Mga serbisyo ng podiatry o hinggil sa paa*
- Mga serbisyo para sa rehabilitasyon ng baga
- Rapid Whole Genome Sequencing
- Mga serbisyo at aparato sa rehabilitasyon*
- Mga serbisyo ng may kasanayang pagkalinga*
- Mga pagbisita sa espesyalista
- Speech therapy*
- Mga serbisyo sa pagpapaopera
- Telemedicine/Telehealth
- Mga serbisyo para sa transgender*
- Agarang pangangalaga
- Mga serbisyo sa paningin*
- Mga serbisyo sa kalusugan ng kababaihan

Mga benepisyo sa Medi-Cal na saklaw ng Anthem

Mga serbisyo para sa outpatient (ambulatoryo)

Mga pagtatasa ng kalusugan ng pag-iisip

Sinasaklaw ng Anthem ang taunang maikling pagtatasa ng kalusugan ng pag-iisip para sa mga miyembrong 65 taong gulang o mas matanda at hindi kwalipikado para sa katulad na pagtatasa bilang bahagi ng taunang pagpapatingin para sa kagalingan sa ilalim ng Programa ng Medicare. Hinahanap sa pagtatasa ng kalusugan ng pag-iisip ang mga senyales ng Alzheimer’s disease o dementia.